PANIMULA

Sa mga nagdaang panahon, ang sangkatauhan ay dinadalaw ng isang natatanging indibidwal na ang layunin ay maitaas ang espiritwal na aspeto ng kanilang pagkatao. Si Hesukristo ay isa sa mga ito, kasama sina Shakyamuni Buddha at Mohammed. Lahat sila ay kilala natin, ngunit marami ang lingid sa ating kaalaman. Ang mga ito ay tinatawag sa iba' t ibang pangalan, sa iba' t ibang panahon, at sa iba' t ibang lugar. Tinatawag silang Master, Avatar, Enlightened One, Tagapagligtas, Mesiyas, Banal na Ina, Tagapag-ulat, Guru, Mga Banal at iba pa. Sila ay dumarating upang maghatid ng kaliwanagan, kaligtasan, kaalaman at pagkagising. Ang mga salita ay maaaring naiiba ngunit ang kahulugan naman ay iisa. Ang isa sa mga ito ay si Supreme Master na si Ching Hai.

Si Master Ching Hai ay hindi inaasahang ituturing na nabubuhay na santo, dahil siya ay isang babae at maraming mga budhista ang naniniwala na ang isang babae ay hindi maaaring maging isang Buddha. Siya ay isang Asyana at inaasahan ng mga taga-kanluran na ang kanilang tagapagligtas ay magmumula sa kanilang lahi. Ngunit tayong mga nakakakilala sa kanya, batid natin na ito ay walang katotohanan.

Marami sa atin ang nagugugol ng mahabang panahon sa paghahanapbuhay at pag-aalaga sa materyal na bagay. Tayo ay nagtatrabaho upang buuin ang ating mga buhay, buhay ng ating mga mahal na maluwag sa materyal na pangangailangan. Kapag

tayo ay may nalalabi pang panahon, ang pulitika, palakasan, telebisyon at mga bali-balita ang ating pinagtutuunan ng pansin. Ngunit ang mga taong batid ang kabanalan, ay nalalamang mas may mahahalaga pang bagay sa buhay liban sa mga ito. Alam natin ang langit ay malapit lang sa atin ngunit nakakalungkot na marami ang hindi nakakakilala sa kabanalan sa bawat isa sa atin kaya mahirap na maabot ito. Pinatatawad tayo kung tayo ay nagkasala kapag nakagagawa tayo ng kasalanan laban sa ating makamundong pagkatao. Ngunit ang espiritwal na pagkatao ay napapabayaan.

Tayong mga disipulo ni Supreme Master Ching Hai na gumagamit ng paraang Quan Yin, ay iniaalay ang librong ito upang mapalapit ang bawat isa sa Katauhang Banal, kay Masterman o sa iba.

Itinuturo ni Master Ching Hai ang kahalagahan ng meditasyon, kontemplasyong pansarili at pagdarasal. Sinasabi niyang mahalagang makita natin ang kabanalan sa ating mga sarili at malamang tayo nga ba ay masaya sa ating buhay. Sinasabi niyang ang kabanalan ay maabot ng bawat isa. Ang kanyang papel ay gisingin ang banal na presensiya sa ating mga puso habang nabubuhay tayo ng normal. Sabi niya, "Ito ay gaya nito. Alam nating lahat ang katotohanan ngunit kinalilimutan lamang natin ito. Samakatuwid, kailangang may isang may magpaalala sa atin kung bakit kailangan hanapin ang katotohanan, kailangan ng meditasyon at kung bakit kailangan nating maniwala sa Diyos o Buddha, o kahit saan mang bagay

na sa tingin natin ay pinakamakapangyarihan sa sandaigdigan." Hindi niya sinabing maging tagasunod niya tayo ngunit kanya lamang iniaalay ang kanyang kaliwanagan upang maging halimbawa ng ating paglaya.

Ang librong ito ay pagpapakilala sa mga turo ni Supreme Master Ching Hai. Ang mga nilalaman nito ay galing mismo sa kanya ngunit mas makabubuting makinig at manood tayo ng kanyang video at tapes. Subalit walang makahihigit sa pakikipagniig sa kanya ng personal.

Sa iba, si Supreme Master Ching Hai ay isang ina, sa iba naman ay isang ama, sa iba ang kanilang mahal. Siya ay isang matalik na kaibigan na nagbibigay ng walang hinihinging kapalit. Ang tangi lamang niyang kukunin ay ang ating paghihirap, pagdadalamhati at sakit. Ito ay kung ating nanaisin.

"Ang isang guro ay isang nilalang na kayang magturo ng pagiging isang guro...tumutulong na maunawaan na tayo ay may kakayahang maging guro at maintindihang tayo ay kaisa ng Diyos. Iyon lang, iyon ang papel ng isang guro."

- Supreme Master Ching Hai

"Ang ating daan ay hindi relihiyon. Hindi ko binibinyagan sinuman sa pagka-Katoliko o Budhismo, o kung anumang relihiyon. Itinuturo ko lamang ang daan sa pagkakakilala sa sarili, ang makilala kung saan tayo nanggaling, kung ano ang ating misyon dito sa mundo, ang matuklasan ang hiwaga ng sandaigdigan, ang maintindihan kung bakit may mga paghihirap at kung ano ang naghihintay sa atin pagkatapos ng kamatayan."

- Supreme Master Ching Hai

"Tayo ay nahihiwalay sa Diyos dahil sa ating pagkaabala sa ibang bagay. Kapag may isang taong nakikipagusap sa iyo, at patuloy ang tawag ng telepono at abala ka sa pagluluto o pakikibalita sa ibang tao, walang sinuman ang makararating sa iyo. Ganyan din sa Diyos. Lagi niya tayong tinatawag ngunit wala tayong oras sa kanya at patuloy natin siyang kinaliligtaan."

- Supreme Master Ching Hai